NAME: ________________________________________ DATE: ________________

GRADE&SECTION: ____________________________ TEACHER: __________________

**FILIPINO 6**

**Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggang Ulat o Tekstong Pang-impormasyon**

Panuto: Basahin ang ulat sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

**Ulysses, Iba Kay Ondoy — Climatology Expert**

**MANILA, Philippines** — Malaki umano ang pagkakaiba ng Super Typhoon Ondoy na nanalasa noong September 2009 sa Bagyong Ulysses na naranasan ngayon ng Metro Manila at Luzon dahil ang bawat bagyo ay may kanya-kanyang uri at lakas na dalang ulan at hangin. "Itong si Ulysses, hindi ito kabagalan. Hindi ito katulad ni Ondoy. Si Ondoy talagang napakabagal ng kilos niyan. Sa unti-unti niyang galaw (Ondoy), puro ulan ang dinala niya. Walang masyadong hangin," pahayag ni Nathaniel "Mang Tani" Cruz, dating climatologist ng PAGASA at resident meteorologist ng GMA.

Ayon kay Cruz, si Ondoy ay kumain ng maraming buhay- at puminsala sa maraming ari-arian at imprastraktura nang magkaroon ng flashfloods dahil sa matinding ulan na bumuhos sa loob lamang ng anim na oras. Samantala si Ulysses ay naapektuhan lamang ng mga nagdaang mga bagyo kaya ang dala nitong ulan ay matindi ring nakaapekto sa mamamayan. "Ito kasing si Ulysses, ilang bagyo na kasi ang dumaan bago ito dumaan. So, 'yung lupa, maging sa Sierra Madre ay babad na babad na. Saturated na kaya kaunting ulan lamang ay nagkakaroon ng run-off," dagdag ni Cruz. Ito anya ang dahilan kung bakit umabot ang water level ng Marikina river ng 21.9 meters kahapon, mas mataas sa 21.5 meters na water level ni Ondoy noon. Sinabi rin ni Cruz na mas maraming bagyo na ang dumaan bago si Ulysses
kaya pati ang mga dam tulad ng Angat ay umapaw ang tubig. Kung ikukumpara naman si Ulysses sa Super Typhoon Rolly, si Ulysses ay mas mahina pero ang impact ay higit na naramdaman dahil kakadaan lang ni Rolly at hindi pa nakakabangon ay may bagyo na naman.

**Angie dela Cruz**
Pilipino Star Ngayon
November 13, 2020

LIVEWORKSHEETS

1. Sino ang dating climatologist ng PAGASA at resident meteriologist ng GMA?
    a. Kim Atienza
    b. Jessica Soho
    c. Mike Enriquez
    d. Nathaniel Cruz

2. Kailan nanalasa ang Super Typhoon Ondoy sa Pilipinas?
    a. Disyembre 2018
    b. Septyembre 2009
    c. Disyembre 2011
    d. November 2015

3. Anong bagyo ang nanalasa sa Pilipinas nitong Nobyembere 11, 2020 na halos nalubog sa baha ang buong Marikina?
    a. Bagyong Rolly
    b. Bagyong Ondoy
    c. Bagyog Ulysses
    d. Bagyong Quinta

4. Bakit umabot ng mas mataas ang level ng tubig ng Marikina River nitong kay Bagyong Ulyses kaysa noong kay Bagyong Ondoy?
    a. Dahil ang Marikina River ay maraming nakabara na basura.
    b. Dahil sa ang bagyong Ondoy ay mas mahina kaysa bagyong Ulysses.
    c. Dahil ang Bagyong Ulysses ang pinakamalakas sa lahat ng bagyo ngayong taon.
    d. Dahil sa sunod-sunod na bagyo ang dumating bago pa man ang bagyong Ulysses.

5. Paano mo paghahandaan ang ganitong uri ng kalamidad?
    a. Matulog dahil malamig ang panahon.
    b. Manatili sa loob ng bahay kahit pinapalikas na.
    c. Maghanda ng emergency kit at makibalita sa mga pangyayari.
    d. Makinig ng balita sa radyo o telebisyon ng mga babala at signal.

LIVEWORKSHEETS